



EDITORIAL

Ayudang militar ng US, ayuda sa tiraniya ng rehimeng Duterte

Hindi na naging kagulat-gulat ang inianunsyo kamakailan ng mga upi-syal ng rehimeng Duterte na hindi na itutuloy ang nauna nitong idineklarang plano na ipawawalambisa ang Visiting Forces Agreement (VFA). Klaro naman mula't sapul na ang layunin ng "banta" na ibabasura ito ay para lamang humingi ng dagdag na ayudang militar para sa kanyang tiraniya.

Sa mismong bibig na rin ni Duterte nagmula ang mga katagang, "kung gusto niyo ang VFA, dapat magbayad kayo." Alinsunod na rin ito sa kanyang prinsipyong "perapera lang iyan" na gumagabay sa kanyang patakarang panlabas. Para kay Duterte, ang usapin ng pambansang kasarinlan at kalayaan ay maaring sukating magkano. Iniatras ni Duterte ang pagbasura sa VFA at pinahintulutan ang pagdarayos ng pinakamalaking ehersisyong militar (Balikatan) ng US matapos siyang pangakuan ng US na beben-

tahan ng \$2.4 bilyong halaga ng mga kagamitang militar.

Mahigit isang taon din ang itinagal ng pakikipagnegosasyon na inabot na ng pandemya at ng pagpapalit ng gubyrno sa US. Sa katapusan, ibinigay din ng gubyrnong Biden ang karagdagang ayudang militar sa rehimeng Duterte kahit pa may malakas na panawagan ang ilang senador at kongresista sa US, gayundin ng mga demokratikong pwersa sa Pilipinas at mga samahang Fil-Am sa US, na isuspinde ito dahil sa laganap na mga kaso ng mga pagpaslang at

11 opensiba, inilunsad ng BHB katapat ng SONA ni Duterte

LABING-ISANG OPENSIBA ANG inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Samar, Negros Occidental, Negros Oriental at Sorsogon mula Hulyo 15 hanggang 29 bilang pantapat sa huling State of the Nation Address (SONA) ni Rodrigo Duterte. Sa inisyal na tala, umabot sa 30 ang kaswalti sa hanay ng mga sundalo at pulis kung saan 26 ang patay.

Northern Samar. Inambus ng BHB-Northern Samar ang mga sundalo na humahalihaw sa Kilometro 18, Happy Valley, San Isidro noong Hulyo 23 kung saan 11 sundalo ang napatay. Sa parehong araw, inambus ng isa pang yunit ng BHB ang isa pang yunit ng militar sa Catarman. Ang mga ambus na ito ay nailunsad sa gitna ng mahigit kalahating taong nakapokus na operasyon ng kaaway sa lugar. Kasabay ng operasyong militar ang sapilitang pagpapasurender at pananakot sa may 25 barangay sa tabing ng Retooled Community Support Program.

Sa araw mismo ng SONA, isang pulis ang napatay at isa ang nasugatan sa operasyong isnayp ng BHB sa Barangay San Jose, Catubig. Una nang naengkwentro ng BHB ang yunit ng naturang mga pulis sa hangganan ng mga barangay Anongo at Hitapian noong Hulyo 10. Dalawang pulis ang nasugatan. Samantala, binig-

"11 opensiba..." ituloy sa pahina 3

mga paglabag ng mga pulis at sundalo sa karapatang-tao.

Ang totoo, ang pagbibigay ng ayudang militar ay pabor din sa imperyalismong US dahil palalaksin nito ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at ang gerang kontra-insurhensya na dinisenyo rin ng US. Katunayan, ito ay digmang inilulunsad ng US sa pamamagitan ng AFP para ipagtanggol ang interes ng US sa ekonomya at heyopolitika. Ang AFP ang pangunahing haligi ng kapangyarihan ng US sa Pilipinas. Ilang dekada nang sinasanay, pina-ayuhan, inaarmasan at pinopondohan ng US ang AFP. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng mga kasunduang militar gaya ng 70-taong Mutual Defense Treaty at Visiting Forces Agreement ng 1998.

Ibinigay ng US ang gusto ni Duterte na ayudang militar, kahit pa ang kahulugan nito ay pagsuporta sa rehimeng nagbigay-daan sa pagpapalakas ng presensyang militar sa West Philippine Sea ng China, mahigpit na imperyalistang karibal ng US sa ekonomya at hegemonya.

Bilang pinuno ng neokolonyal na

estado, sunud-sunuran si Duterte sa mga patakarang dikta ng US, laluna sa pagsusulong ng mga patakarang neoliberal sa ekonomya, kontra-insurhensya at "kontra-terorismo." Gayunman, nangayupapa rin si Duterte sa China at ipinagpalit ang eksklusibong karapatan ng Pilipinas sa karagatan nito kapalit ng pangakong ilampung bilyong dolyar na pautang at mga proyekto, gayundin ng pagkontrol sa kalakalan ng iligal na droga mula sa China.

Hindi ikinatuwa ng imperyalismong US ang pamamangka ni Duterte sa dalawang ilog. Laluna sa harap ng tumitinding tunggalian ng US at China sa ekonomya at kalakalan, hindi paborable sa US na nakikipaglaro sa kanyang karibal ang papet niya sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang ayudang militar kapalit ng pagpapalaki ng presensyang militar nito sa Pilipinas at mga karagatan sa paligid nito, tinataya ng US na lulubay si Duterte sa kanyang posturang maka-China.

Nais din ng US na lalong mapahigpit ang kontrol nito sa papet na rehimeng Duterte laluna't may posi-

bilidad na makapanatili ang pasisintang pangkatin sa poder lagpas sa 2022. Sa ganito, lalong nagiging klaro ang papel ng imperyalismong US sa likod ng tiraniko at teroristang paghahari ni Duterte, at nalalantad ang pagiging hungkag ng mga pagmamalaki nitong tagapagtaguyod sa karapatang-tao. Sa pagbibigay ng dagdag na ayudang militar kay Duterte, lalong sinusuhayan ng US ang tiraniya at madugong paghahari ng teroristang rehimen.

Pero habang patuloy na sinusupportahan ng imperyalismong US si Duterte, patuloy din itong nagpapalakas ng ugnayan at suporta sa ibang pangkatin ng naghaharing uri na anti-Duterte na pawang maka-US upang lagi itong may reserbang baraha oras na gumewang ang naghaharing tiraniya. Katulad ito noong dekada 1980 nang sabayang sinusupportahan ng US si Marcos at ang noo'y mga pangkating anti-Marcos hanggang alisin nito ang suporta kay Marcos sa harap ng malawakan at sustenidong protestang bayan laban sa diktadura.

Ang kaibahan sa sitwasyon ngayon ay ang aktibo ring pakikialam at paghamon ng China sa dati ay eksklusibong larangan ng dominasyon ng imperyalismong US sa reaksyunaryong pulitika sa Pilipinas. Para sa ilang reaksyunaryong pulitiko, tulad ng naghaharing pangkating Duterte, lalong lumalaki ang hinihinging kabayaran sa kanilang pagpapakatuta, habang isinusuko ang kasarinlan ng bansa. Sa darating na eleksiyong 2022, pinakamalalang na makikita ang tunay na presyo at katapatan ni Duterte at ang hindi pa nakikitang antas ng dayong panghihimasok.

Parang tuko na nangungunyapit si Duterte sa poder sa labis na takot na mapanagot sa kanyang mga krimen laban sa sangkatauhan at mga krimen sa digma. Buong bangis niyang sinusupil at nilulumpo ang lahat ng mga pwersang tumututol sa kanyang tiraniya at sa kanyang iskemang manatili sa poder lagpas sa 2022. Para ipakita sa imperyalis-

"Ayudang...", ituloy sa pahina 3



Tomo LII Blg. 15 | Agosto 7, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikaunlad ng ating pahayagan.



Nilalaman

Editorial: Ayudang militar ng US, ayuda sa tiraniya ng rehimeng Duterte	1
11 opensiba, inilunsad ng BHB	1
Nagpapatuloy na interbensiyong militar ng US	3
Mga kasinungalingan sa huling SONA ni Duterte	4
#DuterteWakasanNa, sigaw ng taumbayan	5
Metro Manila, ipinailalim sa pangatlong ECQ	6
Simbahan, handang mamagitan sa <i>peace talks</i>	6
Unang gintong medalya ng Pilipinas sa Olympics	6
Mga protestang bayan	6
Mabibigo ang AFP na gapiin ang BHB sa NCMR	7
Apat na magsasaka sa Bicol, pinaslang ng AFP	8
Sa madaling salita	9
Mapanlinlang at mapanghating reporestasyon	10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nagpapatuloy na interbensyong militar ng US

Upisyal na binawi ni Duterte ang kanyang pagkukunwaring ibabasura ang Visiting Forces Agreement (VFA) matapos ang personal na pakikipagharap kay US Secretary of Defense Lloyd Austin noong Hulyo 29. Sa gayon, upisyal nang ibinabalik ang malayang paglabas-masok ng malakihang bilang ng mga tropa, kagamitan at makinaryang pangmilitar ng US sa soberanong teritoryo ng Pilipinas. Kabilang sa mga aktibidad na nakasalalay sa VFA ang pinagsanib na pagsasanay na Balikatan at halos 300 pang ibang aktibidad militar.

Nasa likod ng pagtutulak sa VFA at iba pang kasunduang militar sa US ang pagtupad umano sa 1951 Mutual Defense Treaty (MDT) sa pagitan ng dalawang bansa. Sa nakalipas na pitong dekada, nanatili ang kapangyarihan ng militar ng US sa bansa gamit ang tagibang na kasunduang militar na ito, gayundin ang VFA, Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at Operation Pacific Eagle-Philippines (OPE-P). Sa basbas ng mga ito ay lalong humihigpit ang operasyunal na kontrol ng US sa Armed Forces of the Philippines (AFP).

Sa panahong nakabitin ang pagbabasura sa VFA, walang tigil ang presensya at mga aktibidad-militar ng US sa bansa. Noong Abril, itinuloy ang Balikatan sa kabila ng pagpalo ng impeksyon ng Covid-19 sa bansa. Itinuloy din noong Hulyo ang tatlong-linggong ehersisyong Salaknib ng 1st Brigade Combat Team. Bago nito ay nagdeliber ang militar ng US ng ₱48.5-milyong halaga ng mga armas sa AFP.

Mantinido rin ang libreng pag-okupa ng mga sundalong Amerikano sa mga pasilidad militar sa di-bababa sa limang kampo ng AFP sa ngalan ng EDCA. Sa ilalim ng OPE-P, kabilang ang mga sundalong Amerikano sa nagdala sa mga kaswalting sundalo ng AFP sa bumagsak na C-130 sa Sulu. Samantala, di bababa sa tatlong paglalayag sa tabing ng *freedom of navigation operations* ang isinagawa ng US sa South China Sea sa unang hati ng 2021.

Sa mahabang panahon, ginamit ng US ang MDT upang gawing lunsaran ang Pilipinas sa paggiit nito ng kapangyarihan sa Asia-Pacific. Sa basbas ng kasunduang ito, nagpadala ng mga Pilipinong sundalo sa (noo'y buo pang) Korea at sa Vietnam upang sumuporta sa mga gerang agresyon ng US laban sa mga mamamayang nakikibaka para sa demokrasya at pambansang paglaya. Ginamit din ang dating mga base militar ng US sa Pilipinas bilang lunsaran ng mga gera ng US sa Iraq, Iran, Kuwait at Afghanistan. **AB**

"Ayudang...", mula sa pahina 2

mong US na dapat siyang patuloy na suportahan, todo-larga ngayon ang rehimeng Duterte sa pagsusulong ng "digmang kontra-terorismo." Sa tabing nito, isinasagawa ang pinaigting pang kampanya ng pamamamalang at panunupil laban sa mga pwersang patriyotiko at demokratiiko, gamit ang mga sandata at ayudang militar mula sa US.

Dapat ibayong makibaka at manindigan ang mamamayang Pilipino laban sa pagpapakatuta ng rehimeng Duterte sa imperyalismong US at sa pagbibigay-daan nito sa lalong

pagpapalaki ng presensyang militar ng US sa Pilipinas bilang bahagi ng pakikipaggirian nito sa China. Dapat ibayong palakasin ng sambayanang Pilipino ang paglalantad sa pasistang mga krimen ni Duterte at singilin ang gubyernong Biden sa pagsuhay sa kanyang tiraniya at terorismo.

Dapat pagkaisahin ang lahat ng pwersang demokratiko at tutol sa tiraniya ni Duterte, buuin ang pinakamalapad na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino, at biguin ang imbing pakana na manatili sa poder. **AB**

"11 opensiba...", mula sa pahina 1

yang-pugay ng mga Pulang mandirigma si Ka Diwa, 24, na nasawi sa isang labanan noong Hulyo 10 sa Las Navas.

Muli namang inambus ng BHB-Northern Samar ang mga tropa ng 83rd Military Intelligence Company na nag-ooperasyon sa Barangay Dolores, Las Navas noong Hulyo 29. Sa paunang ulat, isang upisyal-militar ang napatay at dalawa ang nasugatan.

Negros Occidental. Noong Hulyo 21, nagsagawa ng operasyong haras ang BHB-Southwest Negros laban sa nag-ooperasyong tropa ng 15th IB sa Sityo Makapula, Barangay Cabia-an, Candoni. Isang araw bago nito, magkakasunod na nakasagupa ng mga Pulang mandirigma ang militar sa Sityo Guinobatan at Sityo Moromanila sa Barangay Canningay; Sityo Lunoy at Sityo Catmon, Barangay Agboy. Hindi bababa sa limang sundalo ang napatay.

Nagkaroon din ng engkwentro sa pagitan ng BHB-South Central Negros at 94th IB noong Hulyo 22 sa Sityo Manulaya, Barangay Tana-uan, Kabankalan City. Tatlong elemento ng AFP ang napatay sa labanan.

Negros Oriental. Sa Guihulngan City, hinaras ng BHB-Central Negros ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Sandayao noong Hulyo 21. Notoryus ang mga elemento ng CAFGU at 62nd IB sa pananakot at pambabanta sa mga sibilyan, pangahalughog at pagpaslang sa mga pinaghihinalaan nilang sumuporta sa BHB.

Sorsogon. Isang pulis ang nasugatan sa operasyong isnayp ng BHB-Sorsogon sa tsekpoynit ng 2nd Police Provincial Mobile Force Company sa Barangay Sta. Teresita, Bulan noong Hulyo 21. Ang opensibang ito ay pagsisikap ng BHB-Sorsogon na maparusahan ang mga armadong elemento ng estado na patuloy na pumapaslang at nanggigipit sa mamamayang ng Sorsogon. **AB**

Mga kasinungalingan sa huling SONA ni Duterte

I dinaos ni Rodrigo Duterte ang kanyang huling State of the Nation Address (SONA) sa Batasang Pambansa Complex, Quezon City noong hapon ng Hulyo 26. Inabot ng halos tatlong oras ang kanyang talumpati na, tulad ng dati, nakapokus sa militar at kontra-insurhensya, at mga huwad niyang kampanya kontra droga, terorismo at korapsyon. Labingdalawang panukala ang itinulak niyang prayoridad. Liban sa dalawa, naipasa na ang mga ito sa antas komite ng Mababang Kapulungan at anim na ang may katumbas sa Senado.

Militar at pulis bilang prayoridad

Sa gitna ng pandemya, hindi ang kalusugan ng publiko at mga manggagawa nito ang prayoridad ni Duterte. Sa halip, inuna niya ang mga panukala para sa pondong pampensyon ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police at ligal na representasyon sa mga tauhan nito na sangkot sa mga krimen at anomalya. Ang mga panukalang ito ang magtitiyak sa katapatan ng mga sundalo at pulis sa kanyang paghahari.

Pinuri ni Duterte ang kriminal na gera kontra droga sa harap ng malawakang pagkundera rito. Matagal nang batid ng marami na ginagamit lamang niya ang kampanya para ipwesto ang sarili bilang hari ng mga *drug lord* sa bansa.

Sa kanyang gera kontra-insurhensya, pinasinungalingan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang kanyang pahayag na tagumpay ang kanyang rehimen sa "pagresolba" sa ugat ng armadong tunggalian. Malaking kasinungalingan ang ipinagmalaki niyang 17,000 mandirigma Bagong Hukbong Bayan ang "sumurender," na karamihan ay pawang mga sibilyan. Wala ring katotohanang mahigit 15 larangang gerilya ng BHB ang nalusaw sa nakaraang limang taon.

Huwad na kampanya kontra-korapsyon

Puro kasinungalingan ang binanggit ni Duterte tungkol sa kanyang huwad na kampanya kontra-korapsyon. Kabilang dito ang "pagsibak" niya sa pwesto sa 43 upisyal ng Bureau of Immigration (BI) na nasangkot sa iskemang "pastillas" noong 2020, at sa 200 iba pang ka-

waning sangkot sa katiwalian.

Ang totoo, nakabalik na sa trabaho ang "nasibak" na sinuspindeng mga empleyado ng BI nang walang pananagutan. Wala ring ulat na nagpapatunay na totoo niyang sinibak ang 200 pang kawani.

Noong 2020, ipinasuspindi rin niya ang pagsasapubliko ng ulat ng halaga at ari-arian ng mga upisyal ng gubyerno na kadalasang binubusisi para malantad ang pagkaka-sangkot nila sa katiwalian.

Walang plano para sa pandemya

Walang kongkretong planong inilatag si Duterte sa kanyang SONA kung paano haharapin ang pandemyang Covid-19 sa harap ng banta ng Delta baryant na kumakalat ngayon sa bansa.

Sa kanyang talumpati, inutusan lamang ni Duterte ang National Employment Recovery Strategy Task Force na pangunahan ang tinaguriang Reform, Rebound, and Recover Program na naglalayon umanong bakunahan ang higit isang milyong kwalipikadong manggagawa para makapagtrabaho. Gayunpaman, nananatiling kulang ang suplay ng bakuna dahil nakaasa ang rehimen sa limos na bakuna mula sa ibang mga bansa.

Pakitang-tao lamang ang utos ni Duterte para itatag ang Center for Disease Prevention and Control at Virology and Vaccine Institute of the Philippines dahil kapos na kapos naman ang inilalaan na badyet ng kanyang rehimen para sa pampublikong kalusugan.

Gaya ng inaasahan, ipinaratsada ni Duterte ang pagpapasa sa Foreign Investments Act, Public Service Act, at Retail Trade Liberalization Act



para todong ibuyangyang ang ekonomya sa ngalan ng muling pagpapasikad nito. Ang mga ito ay aprubado na ng kanyang mga kasapakat sa antas komite ng Kongreso. Mayroon na ring katapat na mga panukala ang mga ito sa Senado.

Iba pang kasinungalingan

Ipinagmayabang ni Duterte na kabilang umano ang Pilipinas sa mga bansang nakapagtala ng pinakamabilis na pag-unlad ng ekonomya sa Asia bago ang pandemya. Pero ang totoo, pababa na ang padron ng *gross domestic product* ng Pilipinas mula 7.1% noong 2016 tungong 6.1% noong 2019.

Ikinagalit ng taumbayan ang pagyayabang ni Duterte na naresolba na umano niya ang problema sa trapiko at pagbyahe dulot ng pagbubukas ng mamahaling mga daan at *skyway*. Napakalayo nito sa araw-araw na pagdurusa ng mamamayan dulot ng kakulangan ng masasakyan dahil sa mga restriksyon sa pagbabyahe ng mga dyip.

Kasinungalingan din ang ipinagmamalaki niyang "pagsusulong" ng independyenteng patakarang panlabas gayong alam ng lahat ang kanyang pagpapakatuta sa China at US. Hindi niya tinalakay ang patraydor niyang pagbebenta ng West Philippine Sea sa China kapalit ng suporta sa kanyang rehimen, at paggamit niya sa Visiting Forces Agreement para makakubra ng mas malaking ayudang militar mula sa US. AB

#DuterteWakasanNa, sigaw ng taumbayan

Ayon sa mga ulat, 6,000 ang nagmartsa sa kahabaan ng Commonwealth Avenue sa Quezon City noong Hulyo 26 para tapatan ang ikalima at huling State of the Nation Address (SONA) ni Rodrigo Duterte. Lumahok sa protesta ang mga organisasyon mula sa Southern Tagalog at Central Luzon. Sa temang "Duterte, wakasan!" at "Goodbye Duterte," muli nilang ipinanawagan ang pagwawakas at pagpapanagot kay Duterte sa lahat ng kanyang mga krimen tulad ng maramihang pagpaslang, pagbebenta sa soberanya, bigong pagtugon sa pandemya at malawakang korapsyon. Nagkaroon ng parehong mga martsa sa mga lunsod at kabisera ng Cebu, Bacolod, Davao, Iloilo, Bayombong sa Nueva Vizcaya, Roxas sa Capiz, Kalibo sa Aklan at Naga City. Nagkaroon din ng mga protesta sa iba't ibang syudad sa US, Canada at Hongkong.

Bago ang SONA, naglunsad ang iba-ibang sektor ng mga protesta at aktibidad para ilatag ang tunay na kalagayan ng mamamayan at hatulan ang rehimen sa limang taong kapalpakan nito.

Inilunsad ng Kilusang Mayo Uno ang State of Labor Address noong Hulyo 23 sa panawagang "END Duterte" dulot ng kabiguan niyang tupdin ang pangakong wakasan ang kontraktwalisasyon. Tinatayang mayroong 9.2 milyon hanggang 13.5 milyong indibidwal ang wala o kulang ang trabaho sa panahon ng pandemya.

Noong Hulyo 25, inilunsad ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas ang State of the Peasant Address upang kundenahin ang Rice Liberalization Law at pagpapabaya ng rehimen sa sektor ng agrikultura. Umaabot sa ₱90 bilyon ang lugi ng mga magsasaka sa palayan dulot ng liberalisasyon. Giit nila ang ₱15,000 subsidyo para sa produksyon sa panahon ng

Covid-19.

"Walang kapayapaan, walang hustisya." Ganito isinuma ng Karapatan ang limang taong paghahari ng diktador na si Duterte. Liban pa sa 30,000 biktima ng "gera kontra droga" ng rehimen, nakapagtala ito ng 414 kaso ng ekstrahudisyal na pagpaslang, 2,725 kaso ng ilegal na pag-aresto na higit pang dumami sa panahon ng militaristang mga lockdown at mga kaso ng panggigipit sa mga progresibo at aktibista. Nakapagtala rin ang grupo ng 25 masaker sa ilalim ng rehimen.

Palakol ang grado na ibinigay ng mga guro kay Duterte. "Wala kaming nakitang klarong programa para sa edukasyon," ayon sa Alliance of Concerned Teachers noong Hulyo 23. "Wala siyang anumang masasabing achievement sa edukasyon." Kasama na binigyan ng mga titser ng bagsak na grado si Sec. Leonor Briones ng Department of Education (DepEd). Anila, pahirap

sa mga guro, estudyante at kaniilang magulang ang "blended learning" ng DepEd.

#DutertePalpak ang hatol ng kabataan sa isinagawang State of the Youth Address noong Hulyo 19. Binatikos nila ang kawalang-aksyon at plano ng rehimen para sa ligtas na pagbubukas ng mga eskwelahan sa panahon ng pandemya. Tinatayang nasa 2.73 milyon ang nag-drop-out—10% mula sa 27.77 milyong nag-enrol noong akademikong taon 2019–2020. Bukod dito, patuloy na inaatake ng pasistang rehimen ang akademikong kalayaan at mga pahayagang pangkampus.

Dobleng paghihirap ang naranasan ng mga *overseas Filipino worker* (OFW) sa panahon ng pandemyang Covid-19 dahil sa kawalang aksyon ng rehimen. Kakarampot na 2% o 250,000 lamang sa kabuuang 12 milyong OFW ang nakatanggap ng ayuda. Nang mapilitang umuwi sa bansa ang daan-daan libo dahil nawalan ng trabaho, isiniksik sila sa mga pasilidad pangkwarrantina. Bago pa ang pandemya, humarap ang mga OFW sa *mandatory PhilHealth membership* at *dagdag-premium* na nagkakahalagang ₱24,000 sa unang taon at *mandatory SSS membership* at *pagtaas ng premium*.

Gayundin, nagsagawa ng *online* na mga porum ang mga grupong makalikasan kung saan kinundena nila ang marumi at makadayuhang patakarang pangkalikasan ng rehimen. Ang sektor ng simbahan ay nanawagan na wakasan ang pag-atake at ilegal na pag-aresto sa kaniilang hanay. Hinatulan naman ng mga grupong midya bilang kaaway ng malayang pamamahayag ang rehimen Duterte. Sa Mindanao, binatikos ng mga Moro ang palpak na rehabilitasyon sa Marawi City na pinulbos ni Duterte noong 2017 at kawalan ng kompensasyon para sa mga bakwit.



Metro Manila, ipinailalim sa pangatlong ECQ

SA PANGATLONG pagkakataon, ipinailalim sa *enhanced community quarantine* (ECQ), ang pinakamahigpit na tipo ng *lockdown*, ang buong Metro Manila at Laguna mula Agosto 6 hanggang 20 para pigilan diumano ang pagkalat ng mas nakahahawang baryant ng Covid-19 na tinaguriang Delta. Samantala, pinalawig ang *lockdown* sa syudad ng Cagayan de Oro at Iloilo na noon pang Hulyo nakapailalim sa ECQ.

Marami ang nagulantang sa muling paghihigpit, kahit pa binigyan ang mga residente ng NCR ng isang linggong “paghahanda” bago ito ipinatupad. Maraming gusali ang muling isasara at madadagdagan na naman ang maliliit at katamtamang-laking negosyo ang tuluyan nang mababangkarote. Nasa 80% ng mga negosyong ito ang apektado sa paulit-ulit na ECQ. Tinatayang aabot sa ₱105 bilyon ang kada linggo ang mawawala sa ekonomya sa NCR at dagdag na 444,000 trabaho ang mawawala.

Noong nakaraang taon, umabot sa 62.1% ang dumanas ng katamtaman hanggang sukdulang *food insecurity* (kakulangan sa pagkain) at malnutrisyon dulot ng mga restriksyon.

Malinaw na ang palpak na tugon ng rehimeng Duterte ang dahilan sa muling paghihigpit sa ekonomya at gutom na tiyak na dadanasin ng mayorya ng mamamayan. Noong Hulyo 31 at Agosto 5, nagprotesta ang mga progresibong grupo sa Quezon City para igiit ang pagbibigay ng ayuda sa panahon ng ECQ. Ipinanawagan naman ng mga manggagawa ang pagkontrol sa presyo ng mga batayang pangangailangan at muling ipagpaliban ang pagbabayad ng kuryente, tubig at mga yutilidad sa panahong ito.

Simbahan, handang mamagitan sa usapang pangkapayapaan

SA KABILA NG resolusyon ng Anti-Terrorism Council na nagdeklarang “terorista” sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP), handa pa rin ang sektor ng simbahan na mamagitan sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas.

Ayon sa Philippine Ecumenical Peace Platform (PEPP), magsasagawa sila ng mga konsultasyon sa mamamayan at itutulak ang pagbabalik ng usapan lampas sa 2022 kaharap ang mapipili na bagong mga lider. Anang grupo, gusto nilang maging pamantayan ng taumbayan sa pipiliing lider ang kahandaan nito sa usapang pangkapayapaan.

Noong Hulyo 22, binatikos ng PEPP ang paglilista sa NDFP bilang teroristang grupo. Nangangamba silang ituturing ding mga “terorista” ang lahat ng mga sumusuporta sa kapayapaan katulad nila.

Unang gintong medalya ng Pilipinas sa Olympics, nasungkit

NASUNGKIT NG ATLETANG si Hidilyn Diaz ang kauna-unahang gintong medalya ng Pilipinas sa 2020 Tokyo Olympics noong Abril 26. Nanguna siya sa kategoryang *women's 55-kilogram* sa kumpetisyon ng *weightlifting* matapos niyang talunin ang atleta ng China na si Liao Qiuyun. Ang tagumpay na ito ay bunga pangunahin ng kanyang pagsisikap sa kabila ng kakulangan ng suporta mula sa reaksyunaryong gubyerno para sa pagsasanay ng mga atleta.

Una itong nalantad noong 2019 nang humingi si Diaz ng pinansyal na tulong mula sa mga pribadong isponsor dahil aniya'y "hirap na hirap" na siya. Tinarget siya ng mga *troll* ng rehimen sa *social media* dahil sa paglalantad na ito. Idinawit din siya ng rehimen sa "Oust Duterte matrix" na inilabas sa parehong taon.

Samantala, parehong nasungkit ng mga atletang sina Nesthy Petecio at Carlos Paalam ang medalyang pilak (ikalawang pwesto) sa kani-kanilang laban sa boksing noong Agosto 3 at Agosto 7. Nananalo naman ng medalyang bronse (ikatlong pwesto) ang boksingerong si Eumir Marcial. Ito ang kauna-unahang Olympics kung saan nakauwi ng mahigit isang medalya ang Pilipinas.



Ligtas na balik-eskwela, ipaglaban. Nagsumite ng petisyon ang mga organisasyong kasapi ng Back to School Network-Panay sa lokal na upisina ng CHED at DepEd sa Iloilo City noong Hulyo 22. Hiling nila na ligtas na muling buksan ang mga klase at suportahan ng panrehiyong mga ahensya ang ₱10,000 ayuda para sa mga estudyante.

Nagprotesta naman ang mga mag-aaral ng Holy Angel University (HAU) sa harap ng kanilang paaralan sa Angeles City, Pampanga noong Hulyo 15, unang araw ng kanilang klase. Giit ng mga mag-aaral na ipatupad ang limang puntong demanda para umangkop sa *remote learning*. Nagsumite ang mga lider-estudyante ng apela sa upisina ng presidente ng HAU sa parehong araw.

Damayan sa ECQ. Inilunsad ng Defend Jobs Philippines ang kampanyang Flag Brigade PH noong Agosto 6 kung saan bahay-bahay itong mamamahagi ng mga donasyong pagkain sa bawat pamilya. Nauna nang namahagi ang grupo ng mga banderitas na luntian (may ibabahaging donasyon) at pula (kailangan ng donasyon) para magsilbing pananda sa kanilang pag-iikot sa may 200 kabahayan sa Sampaloc, Manila. Ayon sa kanila, bahagi ito ng pagsasakdal sa rehimen sa kawalan nito ng ayuda ngayong ikatlong *enhanced community quarantine* sa Metro Manila.

Presyo ng langis, ibaba. Nagpiiket ang mga manggagawa sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno malapit sa Philcoa sa Quezon City noong Agosto 4 para kundahin ang panibagong serye ng pagtataas ng presyo ng petrolyo at LPG. Tumaas ang presyo ng gasolina nang ₱1.05/litro samantalang ₱0.75/litro at ₱0.80/litro sa *kerosene* at *diesel*.

Bakit mabibigo ang AFP na gapiin ang BHB sa NCMR?

Napakalaking kasinungalingan ang ipinagmayabang ni Sec. Martin Andanar ng Presidential Communications Operations Office noong Hulyo 28 na pabagsak na ang rebolusyonaryong kilusan sa North Central Mindanao Region (NCMR). Ito raw ay dahil mayroon nang 2,517 myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na sumurender, 618 Pulang mandirigma na "nanyutralisa" at 10 larangang gerilya na nabuwag sa 2020 lamang. Mayroon din diumanong dagdag na 77 barangay na "nalinis na" at sa gayon ay makatatanggap ng pondo mula sa maanomalyang Barangay Development Program. Si Andanar ang itinalagang koordinaytor ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict para sa Region 10.

Ang totoo, walang nabuwag na larangang gerilya o sentro sa NCMR sa 2020. May mga eryang pansamantalang iniwan pero nananatiling nakapwesto ang mga yunit ng BHB sa estratehikong mga bahagi ng rehiyon. Mayroon ding mga Pulang mandirigmang sumuko pero ilan lamang sila at kadalasan ay bunga ng presyur ng kaaway sa kanilang mga pamilya.

Mula Marso 2020 hanggang Marso 2021, nakapaglunsad ang hukbong bayan sa rehiyon ng 102 taktikal na opensiba kung saan 94 na mga sundalo ang napaslang at 84 ang nasugatan. Samantala, 18 Pulang mandirigma ang namatay sa mga labanan at iba pang dahilan.

Sa gitna ng gitgitang mga labanan, nakapaglunsad ang mga yunit dito ng mga kampanyang agraryo para itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid at presyo ng mga produktong agrikultural.

Pokus na rehiyon

Mula pa Marso 2018 ginawa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na pokus na rehiyon ang NCMR. Matapos ang dalawang taonng kabiguang gapiin ang BHB dito, nagsagawa ng reorganisasyon ang 4th ID at 1st ID noong 2020 para itutok ang limang brigada (tatlong buo at ilang bahagi ng dalawa) sa pinaniniwalaan nitong mga subrehiyon.

Isa hanggang dalawang batalyon ang ipinakat ng AFP kada larangang gerilya. Kinatangian ang mga operasyon nito ng okupasyong militar sa kunwa'y "malilinis" na baryo kakumbina ng paglalatatag ng mga detatament para pasukin at palibutan ang tinataya nitong mga "balwarte" ng hukbong bayan. (Sa katapusan ng 2020, bumilang sa 169 ang mga detatament ng CAFGU at 19 na regular na kampo militar.)

Sinabayan ito ng nakapokus at

sustenidong mga operasyong kombat na gumamit ng libong tropa at suportado ng mga eroplano at helikopter na pandigma, *drone*, *mortar* at kanyon. Hindi bababa sa 23 ang insidente ng pambobomba mula sa himpapawid gamit ang mga FA-50 *fighter jet* at helikopter mula Disyembre 2018 hanggang Agosto 2020. Sa 2020, pumatong ang pandemyang Covid-19 na ginamit ng AFP para higit pang manghalihaw sa kanayunan at kontrolin ang galaw ng populasyon.

Pagharap sa pinatinding pang-aatake

Sa pangkalahatan, nagamit ng mga yunit dito ang taktikang gerilya ng paglilipat-lipat at pagiging maki-los para panghawakan ang inisyatiba sa digma at imantine ang pleksibilidad ng mga yunit.

Tuluy-tuloy na nagsikap ang mga pwersa dito na itaas ang kaka-yahang pulitikal-militar ng mga kumander at mandirigma hindi lamang para salagin ang mga atake ng kaaway, kundi para itaas ang antas ng digmang bayan. Tinasa at hinalawan nila ng mga aral ang malalaking sagupaan, gayundin ang mga atake at kontra-atake sa pagitan ng mga yunit nito at ng AFP.

Sa gitna ng pinatinding mga atake, lalong tumimo sa BHB ang pangangailangan ng papalawak at papasinsin na pakikidigmang gerilya sa mas masaklaw na erya. Susi dito ang pagpapatatag at pagpapalawak ng mga base at sonang gerilya. Tungo rito, kinailangang magpakahusay ang mga kumander at mga upisyal ng hukbong bayan sa sistematikong paglulunsad ng rebolusyong agraryo at iba pang kampanya para organisahin at pakilusin ang masa at tugunan ang kanilang mga pangangailangan at kagalingan. Lalo itong naging mahalaga sa pagragasa ng pandemyang Covid-19 at banta nito sa kanayunan kung saan napakakaunti, kung

"Bakit...", ituloy sa pahina 8



Apat na magsasaka sa Bicol, pinaslang ng AFP

Apat na magsasaka ang pinatay sa Bicol at apat din ang inaresto ng mga pwersa ng estado sa mga araw bago ang State of the Nation Address ni Rodrigo Duterte.

Pinatay ng mga pulis sina Jemar Palero, kasapi ng Organisasyon ng mga Magsasaka sa Albay at Marlon Naperi ng Albay People's Organization, gabi ng Hulyo 25, sa Banao Bridge, Maharlika Highway, Guinobatan, Albay. Nagpipinta noon ang dalawa, kasama ang dalawa pang aktibista, ng panawagang "Duterte Ibagsak!" sa hayway. Pinalabas ng mga pulis na nanlaban ang dalawa, bagay na pinabulaanan ng kanilang mga kaanak. Huling nakitang buhay ang dalawa habang isinasakay ng mga pulis sa isang *van*.

Pinatay naman ng mga sundalo sina Louie Austria at Benjamin Delos Santos sa Sagñay, Camarines Sur noong Hulyo 20. Pinalabas ng mga elemento ng 83rd IB na napatay sila sa isang engkwentro at nagparada pa ng 12 matataas na kalibre ng barrel na nakuha diumano sa labanan.

Iligal na pag-aresto. Iligal na inaresto ng militar at kinasuhan ng paglabag sa Anti-Terror Law ang apat na magsasaka sa Sityo Buscad, Barangay Tuban, Sablayan, Occidental Mindoro noong Hulyo 19. Inakusahan sina Miguel Manguera, Fe Marinas, Sherlito Casidsid at Allen Dela Fuente na tumutulong sa Bagong Hukbong Bayan at isinangkot sa engkwentro sa pagitan ng AFP at hukbong bayan noong Hulyo 5. Kinasuhan ang dalawa sa kanila ng *illegal possession of firearms and explosives* at ang dalawa ng *obstruction of justice*.

Sa Sorsogon, inaresto ng mga pulis ang mag-asawang Ruel Llamera at Annie Jean Castillo, mga kasapi ng Sorsogon People's Organization noong Hulyo 8 habang bumibyahe pauwi ng Sorsogon City. Sinampahan sila ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives*.

Pandarahas. Walang patumanggang nagpapatok ang mga elemento ng 62nd IB at 16th Scout Ra-

nger Company sa Barangay Banwage, Guihulungan, Negros Oriental noong Hulyo 15. Hinagisan din nila ng granada ang bahay ni Alo Lojanio, residente ng Sitio Kapudlusan.

Sa Northern Samar, sapilitang pinapirma ng mga sundalo ang mga upisyal ng barangay ng 17 baryo sa Las Navas, 14 na baryo sa Silvino Lobos, anim na baryo sa Pambujan, isang baryo sa Catubig at lahat ng baryo sa Matuguinao para ideklarang *persona non grata* ang BHB.

Panganganyon. Noong Hulyo 20 hanggang 21, kinanyon ng 87th IB ang kagubatan ng Km. 14 hanggang Km. 17 sa San Jose de Buan, Western Samar. Hindi bababa sa 20 beses na nagpapatok ang AFP sa magkasunod na araw na nagresulta sa pagkawak ng mga sakahan at nagtulak sa mga residente ng Sityo Salvacion, Barangay San Nicolas na pansamantalang lumikas.

Sa Northern Samar, dalawang bahay ang tinamaan nang magpapatok ang PNP-Special Action Force ng *grenade launcher* noong Hulyo 10 sa Barangay Hitapian, Catubig. Target nito ang yunit ng BHB na naglunsad ng opensiba sa parehong araw. Kasabay nito, nagnakaw ang pulis ng pinyang pambenta ng mga residente. Pinagbantaan din nila ang mga upisyal ng barangay.

Pagbakwit. Sa Northern Samar, iniulat sa Hulyo 30 ng Larab na nagbakwit ang mga residente sa Barangay San Jose, Las Navas dulot ng walang patumanggang pambobomba. Sa mga baryo ng Sag-od, Epaw at San Jose sa naturang bayan, halos wala nang natirang tao dulot ng okupasyong militar. Gayundin ang nangyari sa mga baryo ng Senonogan de Tubang, Hiyaot, at Balod sa Silvino Lobos. Nagbakwit din ang mga residente ng Barangay Ligaya at Barangay Carolina na nasa hangganan ng Matuguinao, Western Samar. **AB**

"Bakit..." mula sa pahina 7

meron man, ng mga imprastrukturang pangkalusugan.

Nabatid din ng hukbong bayan ang pangangailangang kagayat na harapin ang taktikang *gradual constriction* at pagkubkob ng kaaway sa pamamagitan ng pagsalakay sa mga detatsment nito at paglulunsad ng mga koordinadong opensiba sa antas larangan at subrehiyon. Ito ay para biguin ang disenyo ng kaaway na pagkaitan ang mga mandirigma ng suportang masa at itaboy sila sa malalayong lugar sa kagubatan kung saan mapipilitan ang mga yunit ng BHB na makipagsagupaan sa lantay militar na paraan. Gayundin, matingkad sa mga baryo na may mga detatsment ang dami at brutalidad ng mga pang-aabusong militar sa mamamayan.

Tungo rito, inatasan ng mga komite ng Partido ang hukbo na mahigpit na panghawakan ang batayang oryentasyon ng mga platun at pakilusin ang mga ito sa itinakdang saklaw na kulumpon ng mga baryo. Kasabay nito, kailangang mahigpit na gabayan ng mga yunit ng Partido ang armadong paglaban ng masa at katuwagin sila at mga yunit ng milisyang bayan sa pagtataguyod sa regular na mga pwersa at sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Tiwala ang mga kasama rito na hindi magagapi ng AFP ang BHB at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa nalalabing taon ni Duterte. Puhunan nito ang mga aral na nahalaw sa ilang dekada nang rebolusyonaryong pakikipaglaban at mula sa gitgitang pakikipaglaban sa kaaway, laluna sa nakaraang tatlong taon. Ang karanasang ito ang nagluwal ng mga kadre, kumander at tauhan na may katatagan sa ideolohiya, sapat na kasanayang militar, kahandaan sa sakripisyo at hirap, at di natitinag na diwang palaban. **AB**

₱6.3 bilyon

pa lamang sa **₱28 bilyong** dapat bayaran ng Philippine Health Insurance Corp. (PhilHealth) sa 700 **pribadong ospital** mula 2020 ang nababayaran ng rehimen.

Pinagkunan: Private Hospital Association of the Philippines



-1.2

gradong natanggap ng Pilipinas kaugnay na kapasidad nito na muling pasikarin ang ekonomya pagsapit ng 2025.

Ito ang pinakamababang grado sa 14 bansang saklaw ng pag-aaral.

Pinagkunan: Oxford Economics

₱70.9 milyon

ang **lulustayin** ng rehimen ng Duterte para **armasan** ang mga bumbero sa kabila ng kulang at atrasadong mga kagamitan para sa pag-apula ng apoy.



95,000 EKTARYA

ng kagubatan ang nilamon ng apoy sa **Turkey** mula Hulyo 28. Hindi pa rin naaapula ang apoy hanggang sa kasalukuyan.

Libu-libong ektarya rin sa **Greece** ang nilalamon ng apoy na nagresulta sa pagkasunog ng mga bahay at pagkamatay ng mga hayop.

202,200

indibidwal mula sa **480 barangay** ang nagbakwit dulot ng mga pagbaha sa iba't ibang bahagi ng Luzon mula noong ikatlong linggo ng Hulyo dulot ng **Bagyong Fabian**. Nagresulta ito sa pagkawasak ng **₱102-milyong** halaga ng mga produktong agrikultural.

Pinagkunan: National Disaster Risk Reduction Management Council



Agosto 7, 1998

pormal na inaprubahan ni dating pangulong Joseph Estrada ang **Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law**. Una na itong inaprubahan ni Mariano Orosa, dating pinuno ng National Council ng NDFP noong April 10, 1998.

Mapanlinlang at mapanghating programa ng "reorestasyon"



Isa ang "Sulong" sa mga baryo na saklaw ng Enhanced National Greening Program (E-NGP), ang huwad na programang reorestasyon ng reaksyunaryong estado. Dito, ginamit ng estado, katuwang ang militar, ang programa para agawin ang lupa ng mga magsasaka at isulong ang kampanyang kontra-insurhensya.

Patunay nito ang ipinatawag na pulong ng mga sundalong umokupa sa baryo sa ngalan ng Retooled Community Support Program (RCSP) noong Pebrero. Dito, kinatuwang ng militar ang lokal na Department of Environment and Natural Resources (DENR) para itulak ang pagtatanim ng komersyal na mga kahoy sa hindi bababa sa 68 ektarya ng lupa na dati nang sinasaka. Idinikta ng DENR ang pagtatanim ng tuog at naga sa loob ng tatlong taon, at kawayan pagkatapos anihin ang mga ito.

Nagtalaga ang DENR ng mga lider sa baryo na mamamahagi ng ₱250 kada araw sa mga residenteng pagtatanimin ng kahoy. Walang kumpensasyon na ibinigay sa mga may-ari ng lupa na apektado ng programa. Sinabi lamang ng ahensya na maaari nilang gamitin ang mga kahoy

sa pagtatayo ng kanilang bahay at iba pang pangangailangan. Nangako rin itong tutulong sa pagpapatitulo ng mga apektadong sakahan.

Iginiit ng ahensya ang pagtatanim ng kahoy kahit pa dati nang produktibo ang mga lupaing saklaw nito. May mga tanim na ang mga ito na niyog, kamote, gulay at iba pang pagkain na kailangang-kailangan ng mga komunidad. Sa ngalan ng reorestasyon, inoobliga ang mga magsasaka na wasakin ang mga sakahan para maitanim ang mga punla ng kahoy na isang metro kwadrado ang pagitan ng bawat isa.

Ang totoo, pantabing lamang ang pagtatanim ng kahoy para agawin ang mga lupang ginawa nang produktibo ng mga magsasaka. Idineklara ng DENR na *forest land* o lupang kagubatan ang mga lupang agrikultural

para ibalik ang pag-aari sa estado at paupahan o ibenta ang mga ito sa dayuhang komersyal na mga plantasyon, malalaking panginoong maylupa at kanilang kasosyong mga burukrata.

Kakarampot at panandalian lamang ang ₱250 kada araw na sahod sa pagpapatanim ng DENR. Mas mababa ito sa itinakdang ₱295 minimum na sahod sa mga manggagawang agrikultural sa rehiyon. (Sa Leyte, umaabot lamang sa ₱11 kada araw ang ibinabayad sa mga tagabantay ng kahoy.) Mayroon ding ₱6,000 na multa at maaaring makulong ang magsasaka na nakasira ng tanim.

Bahagi ang paggamit sa mga sibilyang ahensya gaya ng DENR sa iskemang *whole-of-government* ng reaksyunaryong guberno. Mayroong mga kaso na ginagamit ang umano'y *mapping* ng reorestasyon para sa gawaing paniktik. Kinaka-sangkapan din sa RCSP ang NGP para bigyang katwiran ang presensya ng mga sundalo sa baryo.

Dahil limitado ang badyet na ibinigay sa mga barangay, pinagmumulan ito ng di pagkakaunawaan sa pagitan ng mga residente. Ibinabaling ng DENR ang atensyon ng mga magsasaka sa pagkakanya-kanyang pagtatanim ng kahoy na sumisira sa kanilang pagkakaisa at pagtutulongan.

Hamon sa mga baryo gaya ng Sulong na mamulat sa panlilinlang ng E-NGP at maging mapagbantay sa pagpasok ng mga negosyante sa *agroforestry* sa kanilang mga erya. Kailangan ito para madepensahan ang nakamit na nilang mga tagumpay sa agraryong rebolusyon sa kanilang mga baryo.

(Hango sa *Larab, Hulyo 21, 2021.*)

Huwad na reorestasyon

UNANG IPINATUPAD NOONG 2011 sa ilalim ng rehimeng Aquino ang NGP. Pinalawig at pinasaklaw ito sa pamamagitan ng Executive Order 193 (E-NGP) noong 2015 sa kabila ng deklarasyong bigo ang programa. Ipinagpatuloy ito ng mga upisyal ni Duterte dahil ang pondo nito (mahigit ₱5 bilyon) ay ginagawang palabigasan ng mga pulitiko.

Ipinagmalaki noong 2019 ng DENR na dalawang milyong ektarya na ang natamnan ng 1.7 bilyong punla sa ilalim ng E-NGP mula 2011 hanggang 2019. Pero walang ebidensyang maipakita ang DENR na totoo ito nang isinalang ang programa sa Senado. Mas malala, ayon sa mga eksperto, walang pagkakaiba at nananatiling nasa pitong milyong ektarya ang natitirang kagubatan sa Pilipinas mula 2011 hanggang sa kasalukuyan.

Hindi totoong reorestasyon ang layunin ng E-NGP. Ang mga kahoy na ipinatanim nito, tulad ng kawayan, kape at *falcata* ay hindi likas sa mga lokal na kagubatan. Taliwas ito sa mungkahi ng mga syentista na magtanim ng mga kahoy na *endemic* o katutubo sa kagubatan upang tiyakin ang ekolohikal na balanse ng kalikasan. Itinatanim ang komersyal na mga kahoy na ito hindi para buhayin ang kagubatan kundi para anihin at ibenta sa mga dayuhan.